# Balitang Manmin

BILANG 151  MARSO 6, 2016


# Ginagawang Busilak ang mga Puso ng mga Walang Bahid at Dalisay na Papuri




Magmula noong Hulyo 2007, nagsimulang mangaral ng ebanghelyo ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa buong Israel sa loob ng tatlong taon. Noong Pebrero 15, 2009, ibinigay ng Diyos ang magandang himig at titik ng isang awitin na tutulong sa tao na madama ang mga hakbang at hininga ng Panginoon sa Israel. Nanatili ang mga ito sa ihip ng hangin, sa dahon ng damo, at pati sa pangkaraniwang bato. Ang awiting ito ay "Remembering the Lord" (Pag-alaala sa Panginoon), Maaalala ng mga tao ang ministeryo ng Panginoon sa awiting ito, susuriin nila ang pananampalataya nila, at pupunuin nila ang puso nila ng pag-ibig ng Panginoon.

## Ika-7 Anibersaryo ng mga Papuri ng Manmin, Espesyal na Handog sa Manmin

Nalulugod ang Diyos sa mga papuri na inihahandog ng mga banal na anak Niya. Pero napakahirap maghanap ng dalisay na papuri mula sa Diyos sa panahong papatapos na at puno ng kasalanan. Maalab itong idinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, at noong Pebrero 3, 2009 nagsimulang magbigay ang Diyos ng mga dalisay na awitin na may magagandang titik at may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu.

Sa Deuteronomio 31:19-22, binigyan ng Diyos ang mga Israelita ng awitin sa pamamagitan ni Moises para mapanatili nila sa puso ang mga utos Niya pagpasok nila sa Canaan, ang Lupang Ipinangako. Ganito rin ang ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng Manmin Central Church, ibinibigay Niya ang espesyal na handog na 'Papuring Manmin' para maibahagi nila ito sa lahat ng tao ng lahat ng bansa.

Sa ngayon, ang Diyos ng pag-ibig ay nakapagbigay na ng 281 mga awitin. Madaling matutuhan ang mga awiting ito, kahit na anong edad, lalaki man o babae. Ang tema ng awitin ay naipahayag ng mabuti sa iba't ibang sangkap ng musika, kahit sa maiksing awitin. Iba't ibang klase ang mga awitin, may ballad, operatic, pang-Pasko, pangsayaw, tradisyunal na musikang Koreano, mga awiting pambata, pang-choir, at para sa orkestra. Mayroon ding musika para sa pagsisimula ng bawat programa ng GCN.

Inialok din ng Komite ng Sining ang musika sa may 10,000 sangay at katuwang na iglesya. Kapag pinuntahan nila ang banner ng [Manmin Praise] sa website ng iglesya sa internet (www.manmin.org), pwede na nilang i-download ang mga papuring awitin ng Manmin. Bukod dito, ipinadinig na ng programa ng GCN na "Praises in My Heart" ang mga bagong awit.

Inaawit ang Manmin Praise para lang sa Diyos. Karamihan sa mga ito ay tungkol sa pinakamagandang tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem, ang tunay na inaasam ng mga mananampalataya. Gustong-gusto ng mga miyembro ang mga awitin, kinakanta nila ito sa lahat ng pagsamba at pulong-panalangin.

Inihahatid ng dalisay at malinis na 'Papuring Manmin' ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng miyembro ng Mannmin sa buong mundo. Binibigyan sila nito ng pag-asa para sa walang hanggang buhay sa Langit at pinapadalisay ang mga puso nila ng mga awitin. Kapag inaawit nila ang Papuring Manmin, naaantig ang damdamin nila, nagiging mapayapa sila, napapawi ang kadiliman, at nararanasan nila ang kapangyarihan ng muling-paglikha tulad ng pagsisisi, paggaling, at paglutas ng mga problema.

Ayon kay Kapatid na Victor Odiambo, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya, "Dinagdagan ng mga Papuring Manmin ang pag-asa ko sa walang hanggang buhay sa Langit, pinadama nito sa akin ang damdamin ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Habang kinakanta ko ang mga papuring awit, nailalarawan ng isipan ko ang kahangahangang Langit. Kapag inaawit ko ang awiting "Heart" (Puso), pakiramdam ko, lumalawak ang kalooban ko, nagiging pusong kagiliw-giliw at nakakapagpatawad."

Nagpatotoo sa kanyang paggaling si Kapatid na Waripan Noxen, Chiang Rai Manmin Church, Thailand, ipinanganak siyang bingi. Sinabi niya, "Nang awitin ko ang papuring, 'Let Us Go Forth' (Humayo Tayo), bigla kong narinig ang mga nagpupuri sa kanang tainga ko, nagbukas ito! Nakakarinig na ako."

Gustong kantahin ng mga miyembro ng Nepal Manmin Church ang Papuring Manmin pero nasa wikang Koreano ito. Isinasalin ni Kapatid na Haneul Waiba ang mga awitin sa wikang Nepalese. Sinabi niya, "Inantig ang damdamin ko ng lahat ng mensahe ng Papuring Manmin, ipinaunawa nito sa akin ang damdamin ng Diyos. Palagi akong naluluha kapag kinakanta ko ang mga ito dahil binibigyan ako ng pagpapalang makapagsisi. Nang simulan kong isalin sa Nepalese ang mga awitin, biniyayaan ako ng Diyos ng bagong trabaho."

Naisalin at naipamahagi na ang Papuring Manmin sa sampung lengguwahe: Ingles, Tsino, Hapon, Ruso, Kastila, Tamil, Hindi, Frances, Tagalog, at Thai.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

## SIYAM NA BUNGA NG BANAL NA ESPIRITU (7)

# Katapatan

Pag-aralan natin ang bunga ng katapatan, isa sa siyam na bunga ng Banal na Espiritu, at kung ano ang pagkakaiba nito sa katapatan na tinutukoy ng mga makamundong tao. Ang mga espirituwal na matapat ay mga hiyas sa kaharian ng Diyos, mayroon silang mabangong samyo ng Diyos.

### 1. Ginagawa ang higit pa sa ipinagkatiwala sa atin

Hindi natin masasabing tapat ang isang manggagawa dahil lang tinupad niya ang tungkulin na pagkakakitaan niya ng pera. Pwede nating sabihing tinapos niya ang trabaho o ginawa niyang maayos ang trabaho, pero hindi natin masasabing tapat siya dahil ginawa lang naman niya kung ano ang inaasahan at kung ano ang katumbas sa ibabayad sa kanya. Ang mga pwedeng sabihing 'matapat' ay mga taong gumagawa nang higit pa sa ibabayad sa kanila.

Hindi mabigat ang loob sa pagtatrabaho ng mga manggagawang tulad nito, ni hindi nila iniisip ang katumbas na kabayaran ng gagawin nila. Ang hangarin nila para tuparin ang tungkulin ay nagmumula sa puso, isipan, at kaluluwa, hindi nila tinitipid ang oras at pera nila.

Tulad ng ginawa ni Moises, isinuko ang buhay nang idalangin niya ang mga anak ni Israel para maligtas sila sa pagkakasalang ginawa nila. "Kaya't bumalik si Moises sa PANGINOON, at sinabi, 'O, ang bayang ito'y nagkasala ng malaking kasalanan; at gumawa sila para sa kanilang sarili ng mga diyos na ginto. Ngunit ngayon, kung maaari ay patawarin Mo ang kanilang kasalanan – at kung hindi, ay burahin Mo ako sa aklat na isinulat Mo!'" (Exodo 32:31-32)

Sa katunayan, ang tungkulin ni Moises ay ilabas at gabayan mula sa Ehipto ang mga mamamayan. Habang tinutupad niya ang tungkuling ito tinutularan niya ang kalooban ng Diyos, ginabayan niya ang mga ito nang buong pagmamahal at pagsisikap. Ito ang dahilan kung bakit nang magkasala ang mga mamamayan, inisip niya na kasalanan niya ang mga nangyari. Gusto niyang akuin ang responsibilidad para dito.

Katulad din ito ng nangyari kay Apostol Pablo. Sinasabi sa Mga Taga-Roma 9:3, "Sapagkat mamagalingin ko pang ako ay sumpain at mawalay kay Cristo alang-alang sa aking mga kapatid,

na aking mga kamag-anak ayon sa laman." Hindi iisipin ng mga matapat, "Husto na ang nagawa ko," kundi gagawa pa rin sila ng buong-puso.

### 2. Nililinis ang puso at tapat sa katotohanan

Ipagpalagay nating may isang taong sumali sa isang gang, inialay niya ang buhay niya sa pinuno ng gang. Tatawagin kaya siya ng Diyos na matapat? Hindi! Sasabihin lang ng Diyos na tapat ang isang tao kapag tapat tayo sa kabutihan at katotohanan. Ang pinakamahalagang bagay sa pagiging tapat sa katotohanan ay paglilinis ng puso.

Sinasabi ng Pahayag 2:10, "Maging tapat ka hanggang sa kamatayan, at ibibigay ko sa iyo ang korona ng buhay." Hindi lang paggawa ng puspusan at buong katapatan hanggang sa mamatay ang pisikal na katawan ang katapatang itinutukoy dito. Ang ibig sabihin nito ay magsisikap tayong tuparin ang Salita ng Diyos na nakasulat sa 66 na aklat ng Biblia sa buong buhay natin. Sinabi nga ni Pablo, 'Ako'y namamatay araw-araw.' dapat nating patayin araw-araw ang ating laman para maging banal. Ito ang espirituwal na katapatan.

Kabanalan ang pinakainaasam ng Diyos para sa atin. Dapat nating isaisip ang puntong ito, magsikap tayong linisin ang mga puso natin. Kahit ano pang tungkulin ang dinadala natin ngayon, huwag tayong magbago sa pagiging tapat habang tinutupad ang pagpapabanal.

Dapat, hindi natin isuko ang mahalagang tungkulin natin kahit magkaroon ng paghihirap o mga pagsubok ng kalooban. Sa kabilang banda, kung pababayaan ng isang tao ang paglilinis ng kanyang puso, hindi niya makakayanan ang pagharap sa mga kahirapan at pagdurusa. Baka talikuran pa niya ang relasyon at pagtitiwala niya sa Diyos at sumuko sa tungkulin niya.

Para magkaroon ng katapatang kinikilala ng Diyos, hanapin natin ang espirituwal na katapatan. Ibig sabihin, dapat nating linisin ang puso natin. Ito ay kinakailangang gawin ng mga anak ng Diyos, ng mga ligtas. Kung iwawaksi natin ang ating mga kasalanan at tutuparin ang mga tungkulin ng may banal na puso, mas dadami ang bunga natin kaysa pagtupad nito ng may makalamang saloobin.

Sabihin nating nagpawis kayo sa pagtatrabaho ng buong araw sa araw ng Linggo. Nakipag-away kayo sa ibang tao. Kung naglilingkod kayo sa iglesya ng masama ang loob, mababawasan ang mga gantimpalang tatanggapin ninyo. Pero kung naglilingkod kayo sa iglesya ng may kabutihan at pag-ibig, may kapayapaan, lahat ng paglilingkod ninyo ay magiging mabangong samyo na tatanggapin ng Diyos. Bawat isang gawain ninyo ay magiging gantimpala para sa inyo.

### 3. Kumikilos ayon sa kalooban ng pinuno

Ipagpalagay nating inutusan ng pinuno ang manggagawa na gumawa sa loob ng sambahayan, pero lumabas ang manggagawang ito para magtrabaho sa palayan nang buong araw. Hindi niya sinunod ang kagustuhan ng pinuno dahil may sarili siyang ideya o motibong makasarili. Kahit nagpawis at nagpagod siya, hindi pwedeng sabihing matapat na manggagawa siya. Sinunod lang niya ang sariling saloobin at hangarin, pwede niyang balewalain ang kagustuhan ng pinuno kahit na anong oras.

Dapat tayong maging tapat sa paglilingkod sa iglesya ayon sa kalooban ng Diyos. Maging matapat tayo sa pagintindi ng kagustuhan ng mga nakatataas sa espirituwal na posisyon, sundin natin sila. Kahit puspusan ang paglilingkod natin, kung gagawin naman natin ang sariling kagustuhan, hindi natin mapapasigla ang puso ng pinuno natin.

Sa Biblia, mababasa natin ang tungkol kay Joab. Kamag-anak siya ni Haring David at Heneral ng Hukbo. Kasama ni David si Joab sa lahat ng panganib habang tinutugis siya ni Haring Saul. Matalino si Joab, magiting at matapang. Pinaglingkuran niya si David ng mabuti, pero hindi kumportable ito sa kanya. Ito ay sapagkat hindi naglingkod si Joab nang buong puso. Hindi niya iginalang si David, gusto niyang tuparin ang sariling layunin. Dahil hindi siya nakinabang, sinuway niya si David. Sa bandang huli, pinatay si Joab dahil naghimagsik siya laban kay Haring Solomon na anak ni David.

Kapag ginagawa natin ang gawain ng Diyos, ang pinakamahalagang bagay ay ang pagsunod natin sa kalooban Niya, hindi ang kasipagan natin sa paggawa. Kapag naglilingkod tayo sa iglesya, sundin natin ang mga lider bago ang sariling ideya. Itong ang tunay na katapatan.

### 4. Ang katapatan sa sarili sa lahat ng aspeto ay katapatan

Sa Mga Bilang 12:7, sinabi ng Diyos tungkol kay Moises, "Ang Aking lingkod na si Moises ay hindi gayon; ipinagkatiwala Ko sa kanya ang Aking buong sambahayan." Ang katapatan sa buong sambahayan ng Diyos ay nangangahulugang katapatan sa lahat ng aspeto na may kinalaman sa bawat isang tao. Sa iglesya, kahit marami tayong tungkulin dapat pa rin nating tuparin ang lahat ng ating responsibilidad. Kahit wala tayong partikular na tungkulin sa iglesya, dumalo tayo kung saan o kailan tayo pwedeng dumalo bilang miyembro.

Bawat isa ay may tungkulin, hindi lang sa iglesya kundi pati sa lugar ng trabaho at sa eskwelahan. Dapat nating tuparin ang tungkulin natin bilang mga miyembro sa lahat ng aspetong ito. Ang katapatan sa buong sambahayan ng Diyos ay katapatan bilang mga anak ng Diyos, bilang mga lider o miyembro ng iglesya, ng pamilya, sa lugar ng trabaho o sa eskwelahan. Hindi dapat maging tapat sa iisang tungkulin at pagkatapos, papabayaan na ang ibang tungkulin. Dapat tayong maging tapat sa lahat ng aspeto.

Hindi mahirap maging tapat sa lahat ng aspeto kung iwinawaksi natin ang laman at nagsisikap maging espirituwal. Kahit pag-ukulan natin ito ng panahon, aanihin natin ang bunga kung maghahasik tayo sa espiritu. Hinahanap muna ng mga espirituwal ang pakinabang ng ibang tao at ang opinyon ng mga ito. Gagawin ng mga taong tulad nito ang lahat ng tungkulin nila kahit magsakripisyo sila.

May dalawang tungkulin ang isang tao sa dalawang magkaibang grupo. Kung hindi niya pwedeng puntahan ang isang grupo, sisikapin niyang tumulong sa grupong iyon sa puso at sa ibang paraan. Kung mabuting tao tayo magiging tapat tayo sa buong sambahayan ng Diyos, at magiging mapayapa tayo sa lahat ng tao.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang dahilan kung bakit may bunga tayo ng Banal na Espiritu at naglilingkod ng tapat hanggang sa kamatayan pagkatapos tanggapin ang Banal na Espiritu bilang handog ay para dalhin sa daan patungo sa kaligtasan ang mga tao na tinubos ng Panginoon sa pamamagitan ng dugo Niya. Sinasabi ng Mga Awit 101:6, "Ang mga mata ko'y ititiitig ko sa mga tapat na lupain, upang sila'y makatirang kasama Ko. Siya na lumalakad sa sakdal na daan ay maglilingkod sa Akin." Hinihikayat ko kayong ibunga ang katapatan sa inyong mga puso at isabuhay ang pag-ibig ng Panginoon. Habang ginagawa ninyo ito, idadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na manahan nawa kayo sa pinakamagandang tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pusong Nagbabago

Hindi nagbabago ang Diyos, walang pag-iiba o papalitpalit; ibig sabihin, matapat ang Diyos (Santiago 1:17; Deuteronomio 7:9; Mga Bilang 23:19). Kabaliktaran Niya ang mga tao, marami sa kanila ang madalas at mabilis magpalit ng isipan at mga plano. Ito ay sapagkat madaya ang puso nila, bumabaling ito sa kaliwa at sa kanan, kung saan sila makikinabang. Kung may ganitong klaseng pabagu-bagong puso ang isang tao, mahihirapan siyang maranasan ang pagkilos ng Diyos ayon sa pananampalataya. Kahit tinanggap na ng taong ito ang pagpapala ng Diyos, madali pa rin para sa kanya na talikuran ang pagpapalang ito. Hindi lalago ang espiritu niya, mahihirapan siyang maligtas. Kaya tandaan natin ang Kawikaan 4:23, na nagsasabing, "Ang iyong puso'y buong sikap mong ingatan, sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay."

## ◈ Ilang ulit hindi tinupad ng Faraon ang mga pangako niya kahit nasaksihan niya ang kapangyarihan ng Diyos

1

Nakaranas ng sampung salot ang Faraon ng Ehipto dahil sa pabagu-bagong ugali niya. Sa bandang huli, siya at ang mga hukbo ng Ehipto ay nangamatay sa ilalim ng Dagat na Pula. Hindi siya natakot o gumalang sa Diyos kahit nakita pa niya ang kapangyarihan nito, matigas ang puso niya. Hindi niya tinupad ang mga pangako niya kay Moises na naghatid sa kanya ng kalooban ng Diyos.

◆◆◆

Maraming nagsasabi na naniniwala sila sa buhay na Diyos dahil nakita nila ang dakilang kapangyarihan nito. Pero hindi sila nagpapakita ng mga gawa na karapatdapat sa paniniwalang ito. Kung totoong nagtitiwala sila sa Diyos, dapat nilang iwaksi ang kasamaan at kumilos ayon sa kabutihan (Kawikaan 8:13). Magkakaroon sila ng perpektong pananampalataya na hindi nagbabago kahit anong klaseng pagsubok ang dumating sa kanila.

## ◈ Naging mayabang si Saul nang maging hari siya

2

Bago naging hari si Saul, magpagpakumbaba siya sa harapan ng propetang si Samuel. Noong bago pa lang siyang hari, napakamahiyain at mapagpakumbaba niya, nagtatago pa siya. Pero hindi nagtagal, yumabang siya. Nagdusa siya mula sa masamang espiritu, at kaawaawa ang pagkamatay niya (Mga Kawikaan 15:10; 16:18).

◆◆◆

Tulad niya, may mga taong mapagpakumbaba at naglilingkod sa kapwa, pero nagbabago ang ugali kapag binigyan ng mas mataas na titulo o posisyon. Kapag mayroong isang bagay na hindi sang-ayon sa iniisip nila, hindi nila susundin ito. Palautos sila. Dati iniisip nila, "Nagpapasalamat ako sa pagkakataong ibinigay para makaipon ng gantimpala ang isang taong katulad ko!" Pero ngayon, nagrereklamo sila, sinasabing, "Bakit ako? Wala na bang ibang pwedeng gumawa nito?" Suriin ninyo kung nag-isip kayo ng ganito. Magpakumbaba kayong muli.

## ◈ Nagtiwala si Haring Asa sa Diyos, pero hindi nagtagal, nagbago siya, sa tao na siya nagtiwala

3

Minahal ni Haring Asa ang Diyos, inalis niya sa bansa niya ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Tinanggal din niya ang kanyang ina sa posisyong inang reyna dahil gumawa ito ng kasuklamsuklam na imahe ng Asherah. Nagtiwala si Asa sa Diyos, pero hindi nagtagal, nagtiwala siya sa tao. Umasa siya sa tulong ng mga manggagamot nang magkaroon ng karamdaman ang mga paa niya. Pagkalipas ng dalawang taon, namatay siya (2 Mga Cronica 14-16). Binigyan siya ng Diyos ng pagkakataong magsisi sa loob ng dalawang taon, pero hindi niya ginawa, kaya hindi na siya pwedeng protektahan ng Diyos.

◆◆◆

Kung babaguhin ninyo ang determinasyon ninyo sa pagsunod sa Panginoon at muling makikipagkasundo sa mundo, baka magkasakit kayo o magkaroon ng mga problema. Hindi pwedeng protektahan ng Diyos ang mga ganitong klaseng tao. Kapag humarap kayo sa mga problema na parang imposibleng lutasin, magtiwala kayo sa Diyos na Manlilikha, umasa sa Kanya. Kikilalanin ng Diyos ang pananampalatayang tulad nito, sasagutin Niya kayo.

## ◈ Kahit naging tapat si Joab, madaya siya, sinusunod niya ang sariling damdamin at kalooban

4

Malaki ang naitulong ni Joab kay Haring David, naging malakas ang bansa sa tulong niya. Pero inuna niya ang makasariling motibo at pagmamatuwid kaysa sa kalooban ni David. Humarap sa mahirap na situwasyon si David dahil pinatay ni Joab ang mga taong mas matuwid at mas mabuti kaysa sa kanya (2 Samuel 3:27-39). Sa bandang huli, naghimagsik si Joab, napatay siya.

◆◆◆

Maglalaho ang mga gantimpala sa langit ng isang tao kung tatalikuran niya ang pananampalataya kahit naging tapat siya sa kaharian ng Diyos. At mas malala pa, mahihirapan ang taong ito na maligtas. Kung tutuparin ninyo ang tungkulin ninyo ng mabigat sa kalooban, o walang pagmamahal, o kung nahihirapan kayong tuparin ang tungkulin na bigay ng Diyos, ang ibig sabihin nito ay nagbago na ang puso ninyo. Kaya gumawa kayo ng may katapatan at walang pagbabago habang binibigyan kayo ng tungkulin hanggang sa muling pagbabalik ng Panginoon (1 Mga Taga-Corinto 15:58; Pahayag 3:11).

## ◈ Hindi tumupad sa pangako si Ananias at Safira dahil sa kasakiman sa pera

5

Sa aklat ng Ang Mga Gawa 5, nangako sina Ananias at Safira ng Unang Iglesya na ipagbibili ang lahat ng ariarian nila at ipagkakaloob sa Diyos ang kikitain. Pero dahil sa kasakiman sa pera hindi nila ibinigay ang buong halaga, itinago nila ang iba. Habang pinagsasabihan sila ni apostol Pedro, namatay sila.

◆◆◆

Kapag nangako kayo sa Diyos, dapat ninyong tuparin. Huwag ninyong patagalin ang pagbabayad nito, tuparin ninyo ang pangako ninyo kahit mahirapan kayo at huwag ninyong palitan ng 'mabuti para sa masama', o 'ang masama para sa mabuti' (Deuteronomio 23:21-23; Mga Awit 15:4; Levitico 27:10; Eclesiates 5:6). Sinasabi sa mga talata na kinapopootan ng Diyos ang pabagubago ng isipan. Tuparin natin ang pangakong sinabi natin sa Diyos at huwag nating patagalin ang pagtupad nito para tamasahin natin ang biyayang nakahanda para sa atin.

## ◈ Nagbago si Judas Iscariote dahil hindi sang-ayon sa kalooban niya ang mga pangyayari at hindi siya makikinabang

6

Ipinagbili ni Judas Iscariote si Jesus sa mga punong pari dahil hindi siya nakinabang sa pagsunod niya dito at hindi sang-ayon sa kalooban niya ang mga bagay. Nakita niya ng personal ang ministeryo ni Jesus, pero hindi niya nilinis ang puso niya. Sa bandang huli, kaawaawa ang naging kamatayan niya, nagpakamatay siya (Ang Mga Gawa 1:18).

◆◆◆

Ang mga anak ng Diyos na tumanggap ng Banal na Espiritu ay dapat manalangin ng walang patid, maglinis ng puso, at makipag-usap sa Diyos. Mapapagtiwalaan nila ang bawat Salita ng Diyos na may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Nakikita ng Diyos ang puso at mga gawain ng bawat isang tao. Kaya ang mga kasagutan at biyayang tatanggapin natin ay nakasalalay sa kapuspusan natin ng Banal na Espiritu at mga handog na mabangong samyo ng puso.



# "Gumaling Ako sa mga Karamdaman Ko Dahil sa Panalanging may Panyo"

Kapatid na Regina Nyambura, 44 taong gulang, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya

Noong Oktubre 2010, naaksidente ang kotseng sinasakyan ko, nawalan ako ng malay. Nagkamalay ako pagkalipas ng anim na buwan. Ginamot ako sa loob ng isang taon at tatlong buwan, at sa wakas ay pinauwi na. Dahil sa aksidenteng ito, nagkasakit ako ng diabetes, anemya, at tumaas ang presyon ng dugo ko. Dapat akong uminom ng gamot at magpagamot. Pero may masasakit pa rin sa katawan ko, hindi ako makapaglakad o makatayo ng matagal. Hindi rin ako makakain ng mabuti. Nabawasan ang timbang ko, mula 86kg bumaba ito sa 40kg.

May nangyari noong Marso 8, 2015, Linggo ng umaga. Iminungkahi ng isang kapitbahay na pumunta kami sa iglesya, sinabi niyang magkakaroon ng pulong na may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Sinabi rin niya na gagaling ako kung tatanggap ako ng panalangin doon. Sumama ako sa Nairobi Manmin Holiness Church kahit malala ang sakit ko, may maliit na pag-asa. Pagdating namin doon, masaya at maliwanag ang iglesya. Kagiliw-giliw ang lugar at mukhang masaya ang mga tao.

Bago simulan ang pagpupulong, sinabi ni Bishop Dr. Myongho Cheong na dapat kaming magsisi bago tanggapin ang panalangin. Pinagsisihan ko na naging dahilan ako ng paghihirap ng ibang tao dahil sa pagmamataas ko. Pagkatapos, ipinaliwanag ni Dr. Cheong ang tungkol sa panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee, hinikayat niya kami na tanggapin ang panalangin ng may pananampalataya. Nang manalangin kami, nag-init ang katawan ko, umiyak ako. Nawala ang pananakit ng katawan ko at bumalik ang kalakasan ko mula sa Diyos.

Nabawi ko na ang kalusugan ko, nagsusulong na ako ng malusog na buhay. Lahat ng pagpapasalamat ay para sa Panginoon na tumulong sa akin para makawala mula sa mga karamdaman at magsulong ng masayang buhay. Hallelujah!



Kasama ang mga lider ng misyon para sa mga kabataan at ang mga estudyante ng paaralang pang-Linggo



▲ Pastor Dahee Lee (kaliwa, ibaba); ang kanyang ama, si Elder Seokcheol Lee, Bise Presidente ng Misyon para sa mga Kalalakihan at Direktor ng Pampinansyal ng Paaralang pang-Linggo para sa mga estudyante; ang ina niyang si Punong Diakonesa Jaenam Jeon, Tagapamahala ng Misyon para sa mga Kababaihan at Presidente ng Samahan ng mga Punong Diakonesa; ang kapatid niyang si Diakonesa Jihee Lee, lider ng maliit na grupo at manggagawa ng GCN

# "Salamat, Panginoon, Tinulungan Mo Akong Maging Tunay na Pastor"

Pastor Dahee Lee, 29 taong gulang, Gumi Manmin Church, South Korea

Parehong guro ang mga magulang ko. Pagkatapos magkaroon ng isang anak, gusto nilang magkaroon ng isa pa. Sumubok sila ng maraming paraan, pero walang nangyari.

Dumalo ang nanay ko sa pulong para sa muling pagpapasigla ng espiritu na idinaos sa Masan Manmin Church. Binigyan siya ng pananampalataya mula sa Diyos, tatanggapin niya ang kasagutan kung mahahawakan niya ang damit ng tagapagsalitang si Dr. Jaerock Lee. Ginawa niya iyon ng may pananampalataya, at dahil nagtiwala siya, ipinagbuntis niya ako.

Noong Disyembre 1997, lumipat kami sa Gumi, nagsimula kaming dumalo sa Gumi Manmin Church. Noong nasa ika-12 baitang ako, nagdusa ako sa malalang eksema, pero gumaling ako dahil sa panalangin ni Dr. Lee at Muan Sweet Water.

Gayon pa man, nang malapit na akong maging tinedyer, madalas akong antukin sa pagsamba at sa pulong-panalanging Daniel. Pinapagalitan ako ng nanay ko. May puntong inisip ko na sobrang mahigpit ang Diyos, mahirap ang pinapagawa Niya sa akin. Walang katiyakan ang kaligtasan ko. Pagkatapos kong kunin ang pagsusulit para sa kolehiyo, marami akong alalahanin tungkol sa kinabukasan ko. Wala akong plano at lahat ng bagay ay walang kasiguruhan. Higit sa lahat, nalulungkot ako dahil hindi ko tiyak ang kaligtasan ko. Inasahan ko na baka sakaling makilala ko ang aking Diyos kung papasok ako sa seminaryo ng teolohiko. Naghandog ako sa Diyos ng tatlong araw na pananalangin at pag-aayuno. At dahil ito ang kasagutan Niya, nagdesisyon akong pumasok sa Alliance Holiness Theological Seminary.

Noong taong 2007, nasa seminaryo na ako, naghandog ako ng tatlong araw na pananalangin at pag-aayuno ng pitong beses, iniwasan ko ang makamundong mga bagay. Pinag-aralan ko ang Salita ng Diyos sa maayos na paraan, may sistema. Natanto ko ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos Ama sa tulong ng mga guro ko. Samantala, nadama ko na ang Diyos ay mabuting Ama. Habang nasa klase, naantig ang damdamin ko, napaiyak tuloy ako. Nagpunta na lang ako sa banyo at doon ako umiyak. Sa sinalihan kong kumpetisyon tungkol sa pangangaral ng Salita ng Diyos sa Alliance Holiness Theological Seminary, tumanggap ako ng pinakamalaking gantimpala ng isang beses, at dalawang beses ko namang tinanggap ang gintong gantimpala.

Noong Disyembre 2012, natanto ko na marami pang kulang sa akin bilang isang pastor, hindi pa ako pwede. Nagsisi ako, nag-ayuno ng tatlong araw at nanalangin para maging tunay na pastor. Tumuon ako sa pagpapalakas ng espiritu sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

Noong Setyembre 2014, may isang pastor na nagsabi sa akin na pinagmumulan ng kagalakan ng Punong Pastor ang Daejon Manmin Church. Nakaabot kami sa pinakahuling Bible Verse Quiz Contest. Pinaghahandaan ko ang paligsahang ito bawat taon tulad ng ipinayo sa akin ni Pastor Jesu Choi ng Gumi Manmin Church, pero hindi ako umaabot sa pinakahuling tagisan, kaya, pinaghandaan ko pa ito nang puspusan. Natiyak ko na makakamit ko ang pagiging espirituwal habang pinaghahandaan ko ito dahil mapupunuan ko ang mga pagkukulang ko tulad ng kakulangan sa determinasyon, pagtuon, pasensya, at katapatan.

Dahil dito, noong Setyembre 2015, nakapasok ako sa panghuling tagisan sa kumpetisyon sa Bible Quiz Contest. Pinatnubayan ako ng Diyos para mapunuan ko ang mga pagkukulang ko, pinabanal Niya ang puso ko, at tinulungan Niya akong gawing maayos ang tungkulin ko. Dahil sa pagpapala ng Diyos, nakamit ko ang pagiging espirituwal noong Disyembre 2015.

Katuwang na pastor ako ngayon sa Gumi Manmin Church. Naglilingkod ako sa Young Adults' Mission at sa paaralang pang-Linggo ng mga estudyante bilang patnubay na pastor. Bukod dito, lahat ng miyembro ng pamilya ay naging mga manggagawa ng iglesya at mayroon silang masayang buhay bilang mga Cristiano, inaasahan nila ang buhay na walang hanggan sa Bagong Jerusalem. Nagpapasalamat ako at niluluwalhati ko ang Diyos na gumagabay sa akin sa pinakamahalagang paraan, ang paraan ng tunay na pastor.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714